



NABABASA MO BA ANG NEWSLETTER NA ITO?

Kung hindi, pakitawagan kami sa **1-800-260-2055**. Makakatulong kami.
CAN YOU READ THIS NEWSLETTER? If not, please call us at **1-800-260-2055**. We can help.

¿PUEDE LEER ESTA BOLETÍN? Si no puede, llámenos al **1-800-260-2055**. Le ayudaremos.

BẠN ĐỌC ĐƯỢC THÔNG TIN NÀY KHÔNG? Nếu không, xin gọi số **1-800-260-2055**. Chúng tôi sẽ giúp.

您能否阅读这份简报? 如果不能, 请致电 **1-800-260-2055** 联系我们。我们能为您提供帮助。

Lilipat na kami!



May magandang balita ang Santa Clara Family Health Plan (SCFHP)! May bago kaming logo, bagong tanggapan, at bagong disenyo ng newsletter!

● **Ang aming tanggapan ay lilipat na ngayong tag-init sa:**

6201 San Ignacio Ave.
San Jose, CA 95119

● **Kahit bago na ang hitsura namin, ganoon pa rin ang aming misyon.** Patuloy kaming makikipagtulungan sa aming mga tagapaglaan para makapagbigay sa iyo ng pangangalagang pangkalusugan na mataas ang kalidad.

● **Abangan ang iyong bagong SCFHP ID card sa koreo.**

Tawagan Kami

Serbisyo sa Kostumer


8:30 n.u. hanggang 5 n.h., Lunes hanggang Biyernes (maliban kung holiday)

1-800-260-2055

TTY/TDD

1-800-735-2929 o 711

T



Bilang plano ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong lokal na komunidad, aasahan namin ang iyong mga pagtawag at pagbisita.

**MARAMING SALAMAT SA IYONG
PASENSYA HABANG
LUMILIPAT KAMI!**

Bumisita ka na ba sa dentista ngayong taon?

Kailangan ng lahat na komunsulta sa dentista kada anim na buwan. Makakatulong ito para mapigilan ang mga cavity at iba pang mga problema sa ngipin.

Kung kasapi ka ng Medi-Cal, ang mga dental na benepisyo ay inilalaan sa pamamagitan ng Denti-Cal. Upang humanap ng tagapaglaan, bisitahin ang www.denti-cal.ca.gov o tumawag sa Denti-Cal



sa **1-800-322-6384**, 8 n.u. hanggang 5 n.h., Lunes hanggang Biyernes.

Kung ang iyong anak ay kasapi ng Healthy Kids HMO, ang mga dental na benepisyo ay inilalaan sa pamamagitan ng Liberty Dental ng California. Repasuhin ang Direktoryo ng Liberty Dental Provider sa aming website sa **www.scfhp.com/for-members/forms-and-documents**. O tumawag sa Departamento ng Serbisyo ng Kostumer ng Liberty Dental sa **1-888-902-0403**, 8 n.u. hanggang 5 n.h., Lunes hanggang Biyernes.

Mag-sign up para sa mySCFHP!

PORTAL NG BAGONG KASAPI

Mayroon ka na ngayong online na access sa impormasyon tungkol sa iyong planong pangkalusugan. Mag-sign up sa **www.member.scfhp.com** at mag-log in upang:

- ▶ Tumingin o humiling ng ID card
 - ▶ Tingnan o palitan ang iyong pangunahing tagapaglaan ng pangangalaga (primary care provider)
 - ▶ Humanap sa network ng tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan
 - ▶ Mag-sign up para sa mga klase sa edukasyong pangkalusugan
- Ang mga kasapi ng Medi-Cal may maaari ding humiling ng transportasyon para makapunta sa mga medikal na appointment.
- Kakailanganin mo ang iyong ID card bilang kasapi ng SCFHP para makapag-sign up. Gawin ang iyong account ngayon!

Balik-eskwela, balik naman ulit sa doktor

Panahon na para i-schedule ang pagbisita ng iyong anak sa doktor ngayong panahon ng pagbabalik sa paaralan. Maaaring ang pagbisita na ito ay para suriin ang kalusugan ng iyong anak. O—kung ang iyong anak ay naglalaro ng sports—maaari itong isang pagsusuri ng katawan para sa sports.

Sa alinmang kaso, ito lamang ang pagbisita sa doktor na gagawin ng maraming bata at

kabataan sa bawat taon. Kaya napakahalaga nito. Mabibigyan ng doktor ang iyong anak ng pisikal na pagsusuri at pag-eksamin sa anumang natatagong problema sa kalusugan.

Ang mga pagbisitang ito ay pagkakataon din:

▶ Upang tiyakin na napapanahon ang mga bakuna ng iyong anak. Tumutulong ang mga pagbabakuna para maprotektahan ang iyong anak laban sa 14 na

iba't-ibang mga sakit, at ang ilan sa mga ito ay nakamamatay. At hindi mawawala ang pangangailangan ng mga bata sa mga iyon. Kailangan pa rin ng bakuna ng mga nagbibinata at nagdadalaga at mga teenager.

▶ Para masabi mo ang anumang alalahanin na meron ka tungkol sa kalusugan at paglaki ng iyong anak. Ano ba ang malusog na timbang para sa iyong anak? Paano mo matutulungan ang

iyong anak na kumain nang mas malusog at mag-ehersisyo palagi? Ano ang pinakamainam na paraan para mapigilan ang iyong anak na manigarilyo o para matulungan siyang makalaban sa mga pressure mula sa mga kaedad niya o barkada?

Ang lahat ng iyong mga katanungan ay mahalaga. Sabihin mo lamang, at gagabayan ka ng iyong doktor.

Mga sanggunian: American Academy of Pediatrics; Centers for Disease Control and Prevention



PAUNAWA TUNGKOL SA PAGBABAWAL SA DISKRIMINASYON

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sumusunod ang Santa Clara Family Health Plan (SCFHP) sa mga Pederal na batas ukol sa mga karapatang sibil. Hindi gawain ng SCFHP na mandiskrimina, magsantabi ng mga tao, o pakitunguhan sila nang iba dahil sa kanilang lahi, kulay ng balat, pinagmulang bansa, edad, kapansanan, o kasarian.

Nagbibigay ang SCFHP ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang matulungan silang makipag-usap nang mas madali, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong sign language interpreter
 - Mga pasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking print, audio, mga accessible electronic format, iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing ginagamit na wika, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan mo ng mga ganitong serbisyo, makipag-ugnayan sa SCFHP mula 8:30 a.m. hanggang 5:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-260-2055**. O kaya, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tumawag sa **1-800-735-2929** o **711**.

PAANO MAGHAIN NG HINAING

Kung naniniwala kang hindi naibigay ng Santa Clara Family Health Plan (SCFHP) ang mga serbisyong ito o nandiskrimina ito sa ibang paraan batay sa lahi, kulay ng balat, pinagmulang bansa, edad, kapansanan, o kasarian, maaari kang maghain ng hinaing sa SCFHP. Maaari kang maghain ng hinaing sa pamamagitan ng pagtawag, pagliham, personal, o electronic:

- Sa pamamagitan ng telepono: Makipag-ugnayan sa SCFHP mula 8:30 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes hanggang Biyernes sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-260-2055**. O kaya, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tumawag sa **1-800-735-2929** o **711**.
- Pagliham: Punan ang isang form ng reklamo o magsulat ng liham at ipadala ito sa:

**Attn: Appeals and Grievances Department
Santa Clara Family Health Plan
6201 San Ignacio Ave
San Jose, CA 95119**

- Personal: Bisitahin ang opisina ng iyong doktor o SCFHP at sabihin na gusto mong maghain ng hinaing.
- Electronic: Bisitahin ang website ng SCFHP sa www.scfhp.com.

OFFICE OF CIVIL RIGHTS

Maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatan bilang mamamayan sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights sa pamamagitan ng pagtawag, pagliham, o electronic:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tumawag sa TTY/TDD **1-800-537-7697**.
- Pagliham: Punan ang isang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:

**U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201**

Makakakuha ng mga form ng reklamo sa
<http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

- Electronic: Bisitahin ang Office for Civil Rights Complaint Portal sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>.



Language Assistance Services

English: ATTENTION: If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-800-260-2055. (TTY: 1-800-735-2929 or 711).

Español (Spanish): ATENCIÓN: si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1-800-260-2055 (TTY: 1-800-735-2929 o 711).

Tiếng Việt (Vietnamese): CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số 1-800-260-2055 (TTY: 1-800-735-2929 hoặc 711).

Tagalog – Filipino (Tagalog): PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-800-260-2055 (TTY: 1-800-735-2929 o 711).

한국어 (Korean): 주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 1-800-260-2055 (TTY: 1-800-735-2929 또는 711)번으로 전화해 주십시오.

中文 (Chinese): 注意：如果您说中文，将为您提供免费的语言服务。请致电 1-800-260-2055。(TTY：1-800-735-2929 或 711)。

Հայերեն (Armenian): Ուշադրանքով՝ եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվական աջակցության ծառայություններ: Զանգահարեք 1-800-260-2055 (TTY (հեռատիպ)՝ 1-800-735-2929 կամ 711)։

Русский (Russian): ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните 1-800-260-2055 (телетайп: 1-800-735-2929 или 711).

فارسی (Persian, Farsi):

توجه: اگر به زبان فارسی صحبت می کنید، کمک در زمینه زبان به صورت رایگان در اختیارتان قرار خواهد گرفت. با 1-800-260-2055 (TTY 1-800-735-2929 یا 711) تماس بگیرید.

日本語 (Japanese): 注意事項：日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。1-800-260-2055 (TTY: 1-800-735-2929 または 711)まで、お電話にてご連絡ください。

Hmoob (Hmong): LUS CEEV: Yog tias koj hais lus Hmoob, cov kev pab txog lus, muaj kev pab dawb rau koj. Hu rau 1-800-260-2055 (TTY: 1-800-735-2929 los sis 711).

ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi): ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਭਾਸ਼ਾ ਬੋਲਦੇ ਹਾਂ, ਤਾਂ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਭਾਸ਼ਾ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਵਿੱਚ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। 1-800-260-2055 (TTY: 1-800-735-2929 ਜ 711) ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ।

العربية (Arabic):

ملحوظة: إذا كنت تتحدث اذكر اللغة، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل برقم 1-800-260-2055 (رقم الهاتف النصي: 1-800-735-2929 أو 711).

हिंदी (Hindi): ध्यान दें: यदि आप हिंदी बोलते हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। 1-800-260-2055 (TTY: 1-800-735-2929 या 711) पर कॉल करें।

ภาษาไทย (Thai): เรียน: ถ้าคุณพูดภาษาไทยคุณสามารถใช้บริการช่วยเหลือทางภาษาได้ฟรี โทร 1-800-260-2055 (TTY: 1-800-735-2929 หรือ 711).

ខ្មែរ (Mon-Khmer, Cambodian): ប្រមូលកិច្ចការដាក់: ប្រសិនបើលោកអ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ នោះលោកអ្នកអាចស្វែងរកសេវាជំនួយផ្នែកភាសា បានដោយឥតគិតថ្លៃ។ សូមទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-800-260-2055។ (TTY: 1-800-735-2929 ឬ 711)។

ພາສາລາວ (Lao): ເຊີນຊາບ: ຖ້າທ່ານເວົ້າພາສາລາວ, ມີບໍລິການຊ່ວຍເຫຼືອດ້ານພາສາບໍ່ເສຍຄ່າໃຫ້ແກ່ທ່ານ. ໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-800-260-2055. (TTY: 1-800-735-2929 ຫຼື 711).



TIYAKIN NA PANANATILIHING

napapanahon ang impormasyon kung paano ka maaaring ma-contact. Kailangang kang makausap ng county kapag oras na para mag-renew. Makipag-ugnayan sa Ahensya ng Santa Clara County para sa mga Serbisyong Panlipunan sa **1-408-758-3600** o bisitahin ang www.mybenefitscalwin.org.



Mga Kasapi ng Medi-Cal: Kailangan mo ba ng transportasyon? Makakatulong kami!

Kung kailangan mo ng sasakyan para makapunta sa isang medikal na appointment, tumawag sa Serbisyo ng Kostumer para mag-asikaso ng sasakyan. Sabihin ang iyong kahilingan:

- ▶ Tatlong araw bago ang iyong appointment para sa transportasyon na hindi pang-medikal
- ▶ Limang araw bago ang iyong appointment para sa transportasyong pang-medikal na hindi emergency

Upang humiling ng sasakyan, mag-log in sa mySCFHP sa www.member.scfhp.com o tumawag sa Serbisyo sa Kostumer sa **1-800-260-2055**. Ang mga gumagamit ng TTY/TDD ay dapat tumawag sa **1-800-735-2929** o **711**.

Ang pagpapatuloy ng iyong pagkasakop

Papaano i-renew ng iyong pagkasakop sa Medi-Cal

Upang mapanatili ang iyong mga benepisyo ng Medi-Cal sa pangangalaga sa kalusugan, kailangan mong i-renew ang iyong pagkasakop bawat taon.

Una, tinitingnan ng Ahensiya ng mga Serbisyong Panlipunan ng Santa Clara County kung karapat-dapat ka sa Medi-Cal sa pamamagitan ng impormasyon tungkol sa iyo na nasa kanila na. Kung mabeberipika ng county ang lahat ng impormasyon tungkol sa iyo, ma-ii-renew ang iyong pagkasakop. Padadalhan ka ng county ng paunawa tungkol dito. Wala ka nang iba pang dapat gawin.

Kung hindi maberipika ng county ang iyong impormasyon, padadalhan ka nila ng pakete para sa muling determinasyon at hihingi sila ng karagdagan pang impormasyon. Maaari mong ibigay sa county ang hinihiling na impormasyon sa pamamagitan ng isa sa mga

sumusunod na paraan:

- Tumawag sa **1-408-758-3600**
- Fax **1-408-295-9248**
- Ipadala ang sulat sa koreo sa:
Santa Clara County Social Services Agency
P.O. Box 11018
San Jose, CA 95103-1018
- Bumisita sa isang tanggapan ng Ahensya ng mga Serbisyong Panlipunan ng Santa Clara County:
Assistance Application Center
1867 Senter Road
San Jose, CA 95112
North County Office
1330 W. Middlefield Road
Mountain View, CA 94043
South County Office
379 Tomkins Court
Gilroy, CA 95020
- Bisitahin ang www.mybenefitscalwin.org

Rerepasuhin at padadalhan ka ng county ng sulat na nagsasabing karapat-dapat ka pa rin para sa Medi-Cal o kung kailangan pa nila ng karagdagang impormasyon.

Kapag hindi mo naibigay sa tamang oras ang impormasyon, mawawala ang iyong pagkasakop sa Medi-Cal. Padadalhan ka ng county ng paunawa na mayroon kang 90 araw para magbigay ng kulang na impormasyon para makuha mong muli ang pagkasakop sa Medi-Cal.

Kung magbabago ang iyong suweldo, laki ng pamilya o address sa loob ng taon, kailangang sabihin mo ito sa Ahensya ng mga Serbisyong Panlipunan ng Santa Clara County sa loob ng 10 araw. Rerepasuhin nila ang pagbabago at ipaalam sa iyo kung karapat-dapat ka pa rin sa Medi-Cal.



Napapanahong makakuha ng pangangalaga

Ang Santa Clara Family Health Plan (SCFHP) ay nakatalaga sa pagbibigay ng mga napapanahong pagkakuha ng pangangalaga para sa lahat ng kasapi. Pakitingnan ang chart para sa impormasyon tungkol sa pinakamatagal na oras na dapat kang maghintay para sa isang appointment.

Mayroon ka ring karapatang makatanggap ng serbisyo ng tagapagsaling-wika sa isang napapanahong pamamaraan para sa mga naka-schedule na appointment.

KUNG HINDI KA nakatanggap ng tugon sa loob ng inaasahang panahon, tawagan po lamang ang Serbisyo sa Kostumer ng SCFHP.

Maaari ka ring tumawag sa Departamento ng California para na Pangangalaga ng Kalusugan (California Department of Managed Health Care) sa **1-888-466-2219** o bisitahin ang kanilang website sa **www.dmhc.ca.gov**.

URI NG APPOINTMENT	KAILANGANG MAGTAKDA NG APPOINTMENT SA LOOB NG
Kaagad na mga appointment para sa pangangalaga na hindi nangangailagan ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon)	48 na oras
Kaagad na appointment na nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon)	96 na oras
Mga hindi agarang appointment para sa pangunahing pangangalaga	10 araw ng negosyo
Mga hindi agarang espesyalista	15 araw ng negosyo
Hindi agarang tagapaglaan ng pangkaisipang kalusugan (hindi doktor)	10 araw ng negosyo
Hindi agarang appointment para sa mga kakabit na serbisyo para sa pag-diagnose o paggamot ng mga pagkakasugat, sakit, o iba pang kalagayang pangkalusugan	15 araw ng negosyo
Mga appointment para sa pangangalaga ng paningin	15 araw ng negosyo
Oras ng paghihintay na gugugulin sa paghihintay kapag tumawag sa telepono sa loob ng mga normal na oras ng negosyo	10 minuto
Triage-24/7 na mga serbisyo	24/7 na serbisyo-hindi lalampas ng 30 minuto

MGA KASAPI NG HEALTHY KIDS HMO (MALULUSOG NA BATA)

Bilang karagdagan pa sa mga oras ng paghihintay na nakalista sa tsart, maaasahan mo rin na makakakuha ka ng appointment para sa dental na pangangalaga sa loob ng:

▶ 72 oras para sa mga agarang appointment

▶ 36 na araw ng negosyo para sa mga hindi agarang appointment

▶ 40 araw ng negosyo para sa mga "preventative" (paghadlang sa problema) na appointment

Mayroon ka bang Medi-Cal at Medicare?

Pinagsasama ng Cal MediConnect ang mga benepisyong ito sa isang plano na may isang ID card ng kasapi at isang numero ng telepono para tumawag ng tulong. Tumawag sa **1-888-202-3353** para sa karagdagan pang impormasyon at upang makasali sa Cal MediConnect!



Isang ID card
Isang numero ng telepono
Isang planong pangkalusugan
Cal MediConnect

PANALONG KALUSUGAN

Medi-Cal/Healthy Kids HMO
(Mga Malulusog na Bata)

TAG-INIT 2018

Ang PANALONG KALUSUGAN ay nilalathala bilang serbisyong pangkomunidad para sa mga kaibigan at mga patron ng Santa Clara Family Health Plan.

Ang impormasyon sa PANALONG KALUSUGAN ay mula sa malawak na sakop ng mga ekspertong medikal. Kung mayroon kang anumang isinasalang-alang o mga tanong tungkol sa isang partikular na nilalaman na maaaring makaapekto sa iyong kalusugan, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng pangangalaga ng pangkalusugan.

Maaaring gumamit ng mga modelo sa mga larawan at mga ilustrasyon.

Santa Clara Family Health Plan
P.O. Box 18880, San Jose, CA 95158
1-800-260-2055 • www.scfhp.com
TTY/TDD: **1-800-735-2929** or **711**

2018 © Coffey Communications, Inc. All rights reserved.